



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Oktubre 9, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.749.4900

Inayos ng Air District ang kaso sa Valero Refining Co.

Magbabayad ang refinery ng \$266,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) na pumayag na magbayad ng \$266,000 ang Valero Refining Co. para ayusin ang mga paglabag sa kalidad ng hangin sa refinery nito sa Benicia.

Kasama sa pag-aayos ang 22 paunawa ng paglabag na ibinigay sa kumpanya para sa hindi pagsunod sa mga regulasyon ng kalidad ng hangin sa panahon ng mga operasyon nito na pangunahing nangyari noong 2016. Inayos kaagad ang mga paglabag na humantong sa pag-aayos na ito pagkatapos itong malaman.

“Tinutulungan ng pag-aayos na ito na matiyak na mananatiling alerto ang Valero sa pagpapatakbo ng mga operasyon nito alinsunod sa lahat ng regulasyon ng kalidad ng hangin,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Nariyan ang aming mga team sa pagpapatupad at pagsusuri ng pinagmumulan ng Air District, kasama ng iba’t ibang iba pang mga tool para matiyak na sumusunod ang mga refinery sa mga permiso nito.”

Kasama sa mga paunawa ng paglabag ang:

- Labing-isang paglabag para sa mga paglampas sa mga limitasyon sa emisyon, siyam rito ay nakita ng mga monitor na patuloy na sumusukat sa mga emisyon mula sa kagamitan ng refinery, ang isa pa ay natuklasan ng isang pagsusuri ng pinagmumulan na isinagawa ng kontratista ng pasilidad, at ang isa pa ay natuklasan ng inspektor ng Air District.
- Pitong paglabag ay mga pagtagas ng hydrocarbon mula sa mga tangke sa pag-iimbak o mga linya.
- Ang dalawang paglabag ay kinabibilangan ng mga pagkakamali sa isang database para sa inspeksiyon na nagresulta sa hindi nagawang mga inspeksiyon sa tagas para sa mga balbula na inalis mula sa database.
- Ang isang paglabag ay para sa hindi nagawang pag-calibrate sa monitor ng mga emisyon.
- Ang isang paglabag ay para sa hindi nagawang pagsusuri ng kawastuhan ng monitor.

Nagbibigay ang Air District ng Mga Paunawa ng Paglabag kapag nilalabag ng mga pasilidad ang partikular na regulasyon o tuntunin sa kalidad ng hangin. Ang mga lumalabag ay karaniwang tumutugon sa paunawa sa loob ng sampung araw at nagsusumite ng isang paglalarawan ng mga aksyon na gagawin nila para iwasto ang problema. Maaaring kasama sa mga aksyon na ito ang agarang pagpapatigil ng ilang operasyon o pagbabago ng mga operasyon o kagamitan para sumunod.

Ang lahat ng pondo mula sa pag-aayos ay gagamitin para pondohan ang mga aktibidad ng Air District tulad ng inspeksiyon at pagpapatupad ng mga aktibidad na humantong sa pag-aayos na ito.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)